ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LII Blg. 11
Hunyo 7, 2021
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Hadlangan ang pakanang palawigin ang tiraniyang Duterte

Ang pagkakapit-tuko ni Rodrigo Duterte sa poder ay tanda ng walang kalutasang krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal. Iniluluwal nito ang pinakamasasamang anyo ng paghaharing reaksyunaryo na naglalantad sa bulok nitong kaibuturan. Lalong tumitingkad ang kawastuhan ng pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka upang wakasan ang paghahari ng mga reaksyunaryong uri at itaguyod ang demokratikong paghahari ng sambayanan.

Ilang buwan bago ang pambansa at lokal na eleksyong 2022, puspusan na ang naghaharing pasistang pangkating Duterte sa paghawan ng landas para palawigin ang kanyang tiranikong paghahari. Sa pulong ng liderato ng PDP-Laban na itinulak mismo ni Duterte, pinagtibay nito ang kasuklam-suklam na resolusyong sumusuporta sa pagkandidato niyang bise-presidente at pagpili sa kanyang magiging kandidatong pagkapresidente.

Malinaw na malinaw na ang hakbang na ito ay paraan upang ikutan ang pagbabawal sa konstitusyong 1987 laban sa muling pagtakbo ng nakaupong presidente, bagaman klarong paglapastangan sa isinasaad nitong diwang kontra sa matagalang pananatili sa poder ng mga dinastiya at diktador.

Ang maniobrang ito ang lumilitaw ngayong pangunahing taktika ni Duterte para bigyan ng "ligal" na bihis ang pananatili sa poder lagpas sa takdang termino sa 2022. Mang-

*"Hadlangan...," ituloy sa pahina 2*

## 9 na opensiba ng BHB sa 9 na araw

SIYAM NA TAKTIKAL na opensiba ang inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga prubinsya ng Davao Oriental, Quezon, Occidental Mindoro, Camarines Sur, Northern Samar at Samar sa loob ng siyam na araw. Labing-anim ang napaslang at 18 ang nasugatang tropa ng kaaway sa mga opensibang ito.

Sa Davao Oriental, inambus ng BHB ang sasakyang militar sa haywey sa Sityo Tagawisan, Badas, Mati City, umaga ng Mayo 30. Iniulat ng mga saksi na dalawa ang napaslang na elemento ng 66th IB na lulan nito. Ang lugar ng ambus ay isang kilometro lamang ang layo sa tsekpoynt ng PNP Task Force Mati.

Sa Quezon, inambus ng BHB ang mga tropa ng 85th IB sa Barangay Batbat Sur, Buenavista noong Hunyo 6. Isang sundalo ang napaslang at dalawa ang nasugatan.

Sa Occidental Mindoro, tinambangan ng BHB-Mindoro ang pinagsanib na pwersa ng 203rd IBde at pulis na lulan ng isang sasakyang militar sa Sityo Banban, Nicolas, Magsaysay noong Mayo 28. Papunta ang naturang yunit sa isang programang kontra-insurhensya sa katabing barangay kasama ang ilang upisyal ng lokal na gubyerno. Tatlo ang kumpirmadong napaslang. Apat sa 10 nasugatan ay nasa malubhang kundisyon.

Pinasubalian ng BHB-Mindoro ang paratang ng 203rd IBde na si Governor Ed Gadiano ang target ng pananambang. Anito, tiniyak ng mga Pulang mandirig-

*"9 na opensiba...," ituloy sa pahina 3*

*"Hadlangan...," mula sa pahina 1*

yari man, tiyak na si Duterte pa rin ang *de facto* o tunay na magiging presidente, kundi man paglipas ng panahon ay magbitiw sinuman ang kanyang pipiliing presidente para muli siyang iluklok sa kanyang trono sa Malacañang.

Ang pagpili ni Duterte sa ruta ng eleksyon na relatibong mas masalimuot kaysa mas maiksing tahasang pagpapataw ng pasistang diktadura para manatili sa poder ay tanda na hindi niya lubos na konsolidado ang naghaharing sistema sa kanyang pabor. Sa harap ng lumalalim na pagkabitak sa loob ng Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police, hindi kaya ni Duterte na magdeklara ng batas militar na walang pangambang hindi ito iigkas sa kanya. Kinatatakutan niya ang pag-aalsa ng ilang mga upisyal na maka-US na kontra sa pagbibigay-daan niya sa papalaking impluwensya ng China at kanyang paboritismo sa pagbabahagi sa ilang upisyal ng korapsyon at kriminal na aktibidad.

Ang planong pagtakbo ni Duterte bilang bise presidente ay labis na ikinatuwa ng kanyang mga alipures na napaburan ng mataas na pusisyon sa burukrasya, mga kontrata sa gubyerno, korapsyon sa pondo ng bayan at pakinabang sa pagkontrol sa ismagling ng droga at iba pang kriminal na aktibidad. Namutawi sa kanilang mga bibig ang abot-langit na papuri sa diktador sa hangaring makapagbubulsa sila ng mas malaki pang balato sa susunod na anim na taon.

Subalit hindi maiaalis na ang plano ni Duterte na patuloy na hawakan ang poder lagpas sa 2022 ay nagbubunsod din ng lamat sa hanay ng mga alipures ni Duterte at sa kanyang alyansa sa mga Marcos, Arroyo at iba pang reaksyunaryong pangkat, na naghahangad na humawak ng mas malaking poder kundi man maupo sa tuktok ng kapangyarihan. Malaki ang pag-aalinlangan ng mga ambisyoso ring pulitikong maka-Duterte sa kanyang pagtakbong bise presidente. Hindi malao'y kakalas din sila sa hanay ni Duterte.

Malalim din ang pag-aagam-agam ng mga alyado ni Duterte sa plano niyang magbise presidente. Nakikita nila na ang nababalitang planong kuning presidente alinman sa anak niyang si Sara o utusang si Bong Go ay lalong magkokonsentra ng kapangyarihan sa mga Duterte. Sa isang panig, hindi rin nakatitiyak si Duterte na pagdating ng panahon ay papayag na yumuko sa kanya ang alyadong kukunin niya sakali na katuwang na presidente. Sa kabilang panig, mangangamba ang sinumang alyadong tatakbong presidente na pagbabalakan ni Duterte ang kanyang pwesto o buhay para makaupong muli sa tuktok. Ngayon pa lamang, kumikilos na ang ilang susing alyado ni Duterte na pigilan ang plano niyang manatili sa Malacañang. Kung itutulak ni Duterte ang kanyang pakana, ipakikipagsapalaran din niya ang katayuan ng kanyang alyansang pampulitika.

Sinalubong ng malawakang pagbatikos at pagtatakwil ang paganunsyo ng pakana ni Duterte na manatili sa poder lagpas sa 2022. Pagpapahayag ito ng labis na pagkapoot ng taumbayan sa tiraniya ni Duterte at ng masidhi nilang pagnanais na wakasan ang kanilang pagdurusa sa ilalim ng buhong na rehimen.

Ang pangungunyapit ni Duterte sa poder ay tanda ng labis niyang pagkagumon sa kapangyarihan at takot na panagutin sa kanyang mga kasalanan at krimen. Sa nagdaang halos limang taon, ginamit niya ang Malacañang sa pagkakamal ng yaman at pribilehiyo, sa pagtatraydor sa bayan kapalit ng ilang pakinabang sa mga imperyalistang dayuhan, sa pag-agaw ng negosyo ng mga karibal, sa pagpabor sa negosyo ng ilang oligarko at sa pagagaw ng kontrol sa sindikato sa droga sa tabing ng kanyang "gera kontra droga" na kumitil sa 30,000 buhay. Habang kulang na kulang ang pondo para sa pagharap sa pandemya, para sa edukasyon at kalusugan, ibinuhos ni Duterte ang pera ng taumbayan sa militar at pulis upang gamitin ito sa malupit at maruming gera para sa despera-

*"Hadlangan...," ituloy sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo LII Blg. 11 | Hunyo 7, 2021

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

**@prwc_info**

**fb.com/editorsofAB**

**cppinformationbureau@gmail.com**

# Nilalaman

**Editoryal:** Hadlangan ang pakanang palawigin ang tiraniyang Duterte 1
9 na opensiba ng BHB sa 9 na araw 1
Mga sundalo sa Quezon, pinalayas 3
Imperyalistang kampanya ng kontra-terorismo 4
Pagbili ni Dennis Uy sa Malampaya 5
Mga protesta 5
2 konsultant ng NDFP, pinaslang 6
Wala pa ring hustisya ang mga taga-Marawi 6
Sa madaling salita 7
Bumabakas ang China kay Duterte 8
Mega dam sa Apayao-Abulog River 9
Paghihimay sa Forbes 2000 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Hadlangan...," mula sa pahina 2

dong pagsupil sa demokratikong mga pakikibakang masa at sa tangkang pagdurog sa rebolusyonaryong armadong kilusan.

Ang pagkahayok ni Duterte sa kapangyarihan ay katumbas ng pagkasuklam niya sa pambansa at demokratikong interes ng sambayanan. Sa loob ng limang taon, naghari-harian siya bilang isang tirano at ginamit ang karahasan ng estado para itarak ang takot sa dibdib ng bayan. Nais ni Duterte na manatili sa poder hanggang siya'y mamatay upang iwasang maparusahan sa kanyang korapsyon, pagtataksil at terorismo.

Sa harap nito, dapat ipamalas ng sambayanang Pilipino ang kanilang militanteng paninindigan para biguin ang mga pakana ni Duterte at singilin at pagbayarin siya sa lahat ng kanyang malalaking krimen laban sa bayan.

Itinutulak nito ang lahat ng demokratikong pwersa na magkaisa sa layuning wakasan sa lalong madaling panahon ang paghahari ni Duterte. Dapat organisahin at pakilusin ang malawak na hanay ng mamamayan para ikawing sa kanilang mga kagyat na kahilingan para sa dagdag sahod at ayuda ang sigaw para tapusin na ang anti-mamamayang rehimen. Habang abala ang iba sa paghamon kay Duterte sa eleksyon, nakatuon ang mas nakararaming pwersa sa pagpapalakas ng mga unyon at samahan sa mga pabrika, komunidad, paaralan, mga ospital at upisina. Dapat ilunsad ang malalaking pulong at pagtitipon upang palakasin ang determinasyon ng bayan sa paglulunsad ng kolektibong mga pagkilos sa lansangan at iba pang larangan. Dapat ding patuloy na palakasin ng Bagong Hukbong Bayan ang mga taktikal na opensiba bilang ambag sa pagsisikap na wakasan ang pasistang rehimen. AB

"9 na opensiba...," mula sa pahina 1

ma na makalampas ang sasakyang may lulang sibilyan bago isinagawa ang armadong aksyon.

Dalawang magkasunod na pananambang ang inilunsad ng BHB-West Camarines Sur laban sa mga tropa ng 9th IB sa Barangay Cambalidio, Libmanan noong umaga ng Mayo 30. Apat ang naulat na sugatan sa mga sundalo.

Samantala, anim na sundalo ang napatay sa magkakasunod na atake ng BHB-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command). Dalawa ang napatay sa magkasabay na operasyong haras sa mga barangay ng San Nicolas at Canaponte, San Jose de Buan noong Mayo 31. Tatlong Pulang mandirigma ang nasugatan at kaagad ginamot ng mga medik.

Apat naman ang napaslang habang tatlo ang sugatan sa nag-ooperasyong tropa ng 43rd IB sa operasyong haras ng BHB sa hangganan ng Barangay Dawo at Barangay Bayo, Oquendo District, Calbayog City noong Mayo 24.

Sa parehong araw, pinaputukan ng BHB-Northern Samar (Rodante Urtal Command) ang nag-ooperasyong tropa ng 20th IB sa Barangay San Miguel, Las Navas. Apat na sundalo ang kumpirmadong napaslang sa insidente. AB

## Mga sundalo sa Quezon, pinalayas ng taumbaryo

Pinuri ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) sa isang pahayag noong Hunyo 2 ang ipinamalas na katapangan at pagkakaisa ng mamamayan ng Quezon para patalsikin ang apat na kampo militar sa kani-kanilang mga baryo. Sa pamamagitan ng sama-samang paninindigan sa anyo ng mga petisyon at iba pa, napalayas ng mga residente ng barangay Sta. Elena at Cawayan sa Lopez; at Vista Hermosa at P. Herrera sa Macalelon ang mga sundalong nakakampo sa kanilang lugar.

Inireklamo ng mga residente ng Barangay Sta. Elena ang bandalismo ng mga sundalo sa kanilang *barangay hall*. Nag-iiwan ng kalat at dumi ang mga sundalo na pinalilinis sa taumbaryo. Bunsod nito, nagkaisa ang mga residente na pagbawalan na tumuloy sa barangay ang mga pasista.

Sa Barangay Cawayan, napilitang umalis ang mga sundalo dahil ayaw ng mga residente na malapit ang kampo sa baryo.

Napalayas din ng mga taga-barangay Vista Hermosa ang mga sundalong nakakampo sa kanilang lugar dahil sa kaguluhan at perwisyong inihahatid ng mga sundalo. Noong Enero 31, namatay ang alagang kabayo ng isang residente matapos magpaputok ang lasing na mga tropa ng CAFGU at militar. Ito ang isa sa naging mga dahilan para magpetisyon ang taumbaryo sa Sangguniang Barangay na palayasin sila. Noong Mayo 17, inilipat ng mga sundalo ang kampo sa karatig-baryo na P. Herrera, pero sinalubong rin sila doon ng nagrereklamong mamamayan.

Pinalayas nila ang mga sundalo sa gitna ng mahigit isang buwan nang mga nakapokus na operasyong militar ng 59th IB at 85th IB sa 34 barangay ng Lopez, Macalelon at Gumaca. Umaabot sa dalawang laking-kumpanyang tropa ng militar, pulisya at CAFGU ang nag-operasyon sa naturang mga barangay. Nagsisilbi silang bantay sa konstruksyon ng dalawang mapanirang proyektong dam sa Barangay Vista Hermosa.

Pinatunayan ng mga pagpapalayas na ito na hindi hadlang ang sandata at pananakot ng militar sa pagbubuklod ng bayan. Anang NDF-ST, ang tapang at paninindigan ng mga taga-Quezon sa pakikipaglaban para sa kanilang kapakanan ay dapat paghalawan ng inspirasyon at tularan ng lahat ng mamamayan ng Southern Tagalog na piniperwisyo ng mga sundalong nagkakampo sa kanilang mga baryo. AB

# Imperyalistang kampanya ng kontra-terorismo

Natapos na ang pagdinig ng Korte Suprema sa mga argumento laban sa Anti-Terrorism Law (ATL) noong Mayo 17. Ito ay matapos ang apat na buwan mula nang unang idulog ng mga abugado ng mga petisyuner ang kanilang mga argumento laban sa mapaniil na batas.




Lalong tumingkad ang pagiging anti-demokratiko ng ATL nang paratangan ng Anti-Terrorism Council (ATC) na "terorista" ang 29 indibidwal kabilang ang kilalang mga konsultant pangkapayapaan ng National Democratic Front of the Philippines na diumano'y mga lider ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Noong Disyembre 2020, binansagan din ng ATC na "terorista" ang PKP at ang Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Simula't sapul, iginigiit ng mga abugado ng rehimen na ang pagsasabatas ng ATL at paglilista sa umano'y mga "terorista" ay nakaayon sa internasyunal na batas at mga resolusyon ng United Nations Security Council (UNSC).

Hindi tulad ng iba pang mga internasyunal na batas, ang "internasyunal na kontra-terorismo" na itinataguyod ng UNSC ay hindi nagmula sa internasyunal na mga tratado o kasunduan. Ito ay ipinataw lamang sa buong daigdig alinsunod sa dikta ng mga imperyalistang bansang bumubuo sa UNSC. Sa aktwal, wala pa ring internasyunal na konsensus sa ligal na depinisyon ng terorismo.

Pinaghaharian ang UN ng Security Council na binubuo lamang ng limang permanenteng kasaping bansa na pawang mga imperyalista—US, United Kingdom, France, Russia at China, at sampung pansamantalang kasaping bansa. Ginagamit at binabraso ng US ang UN sa pamamagitan ng Security Council upang magpataw ng mga sangksyon o kaparusahan, at bigyang katwiran ang iligal at unilateral na mga aksyon nito laban sa mga organisasyon, indibidwal at maging estadong tinataguriang nitong "terorista" o "sumusuporta sa terorismo."

Unang ipinataw ang "internasyunal na kontra-terorismo" sa bisa ng UNSC Resolution 1373 noong 2001, dalawang linggo matapos ang atake sa New York City noong Setyembre 11, 2001 (mas kilala bilang 9/11) na inako ng grupong Al Qaeda. Inobliga nito ang lahat ng estado na sumunod sa lahat ng internasyunal na kumbensyon ng UNSC kaugnay ng "kontra-terorismo," maging ang mga bansang hindi nagratipika sa mga ito. Ito ang nagsilbing batayan ng iba't ibang bansa sa pagpapatupad ng kani-kanilang mga batas "kontra-terorismo" at listahan ng mga "terorista."

Bago nito, una nang naglabas ang US sa ilalim ni Pres. William Clinton ng listahan ng mga indibidwal na inaakusahang terorista (Specially Designated Terrorist List) noong 1995. Isinagawa ito sa kasagsagan ng noo'y "prosesong pangkapayapaan" sa pagitan ng Israel at Palestine.

Inilagay ni Pres. George W. Bush Jr. ang "gera kontra-terorismo" sa sentro ng prayoridad ng US na nagtakda ng mga patakarang panloob at patakarang panlabas nito sa pamamagitan ng pagsasabatas sa tinaguriang USA PATRIOT Act (Uniting and Strengthening America by Providing Appropriate Tools Required to Intercept and Obstruct Terrorism Act). Ipinatupad ito kasunod ng 9/11 noong 2001. Gamit ang batas, inangkin ng gubyernong US ang kapangyarihang bansagang terorista ang sinumang naisin, na ginagawa sa paraang arbitraryo at walang prosesong hudisyal. Isinasailalim sa paniniktik at pag-aresto ang sinumang inilistang lokal o dayuhang "terorista" o "sumusuporta sa terorismo." Ginamit ito ng US para bigyang-matwid ang paglusob at pagsakop sa Afghanistan noong 2001 at Iraq noong 2003.

Noong 2002, pinatindi ng US ang parusa sa inaakusahang mga terorista mula ekonomikong sangksyon tungong kriminal na prosekusyon. Ipinatupad nito ang "Foreign Terrorist Organization (FTO) List" o listahan ng mga organisasyong inaakusahang terorista ng State Department na umiiral pa rin hanggang sa kasalukuyan.

Itinayo ni Bush ang notoryus na bilangguan sa Guantánamo Bay, Cuba noong Enero 2002. Dito dinala ang tinatayang nasa 780 indibidwal na inakusahang terorista mula sa iba't ibang bansa. Kalakhan sa kanila ay idinetine nang walang paglilitis o anumang kasong kriminal. Lima lamang sa kanila ang napatunayang maysala sa korte. Laganap dito ang tortyur at samutsaring kaso ng pang-aabuso sa tabing ng "pinatinding interogasyon." Siyam ang naiulat na namatay sa pasilidad. (Sa ngayon, 40 detenido na lamang ang natitira sa Guantánamo Bay matapos na ilipat ang iba pa sa ibang mga bilangguan sa tulak ng mga protesta para ipasara ito.)

Sa kalaunan, lumayo na nang lumayo sa 9/11 ang saklaw ng "gera kontra-terorismo, at lahat na ng kalaban ng US ay tinaguriang "terorista." Sinaklaw nito maging ang mga dayuhang kilusan at estadong tumututol magpailalim sa hegemonya ng US. Unang ipinalaganap ni Bush ang terminong "Axis of Evil" noong 2002 para tukuyin umano ang mga dayuhang gubyerno na "sumusuporta sa terorismo."

Unang inilista bilang bahagi ni-

*"Imperyalistang...," ituloy sa pahina 5*

# Pagbili ni Dennis Uy sa Malampaya Gas Project, ipinarerepaso ng Senado

Ipinarerepaso ng Senado sa Department of Energy ang magkasunod na pagbili ng kumpanya ni Dennis Uy na Udenna Corporation sa Malampaya Deep Water Gas-To-Power Project mula sa Royal Dutch Shell nitong taon at sa Chevron Corporation noong 2019. Ang naturang proyekto ang kaisa-isang operasyon ng pagmina ng *natural gas* sa bansa. Matatagpuan ito sa karagatan ng Palawan.

Binili ni Uy ang 45% sapi ng Shell sa proyekto sa halagang ₱18.2 bilyon. Nakatakda siyang magbayad ng dagdag na ₱3.8 bilyon sa 2022-2024. Samantala, napinal ang pagbili niya sa 45% sapi ng Chevron sa halagang ₱27.1 bilyon noong Marso 2020. Sa kabuuan, lampas $1 bilyon o ₱48 bilyon ang ipinalitaw ni Uy para makontrol ang proyekto.

Binitawan ng dalawang dayuhang kumpanya ang kanilang operasyon dahil malapit nang maubos ang reserbang *gas* sa lugar. Mula 2024 hanggang 2027, tinatayang tuluyan nang mauubos ang natitirang 859 milyong *standard cubic feet* ng *natural gas* sa lugar. Sa aktwal, ang binibili ni Uy ay hindi ang matitirang *natural gas* kundi ang lumang mga *production well* at *pipeline* na iiwan ng mga kumpanya.

Nagsusuplay ang Malampaya Gas Project ng 35% ng kuryente sa Luzon. Ang *gas* na nakukuha sa proyekto ay pinoproseso ng First Gen Corporation at ibinebenta ang kalakhan nito (56%) sa Meralco na nagsusuplay ng kuryente sa Metro Manila.

Ang kapital na ginamit ni Uy para bilhin ang 90% ng Malampaya ay purong dayuhan. Nanggaling pangunahin ang utang sa Australia and New Zealand Banking Group at ING Bank. Sa kaso ng pagbili ng sapi ng Shell, pinangasiwaan ang transaksyon ng Farallon Capital, isa sa pinakamalaking *hedge fund* ng US.

Marami ang nagtataka na pinautang si Uy ng dayuhang mga bangko para bilhin ang Malampaya Gas Project. Noong Abril lamang, naibalita na baon siya sa utang nang hanggang $2 bilyon at nasa proseso siya ng pagbebenta ng iba niyang ari-arian. Wala ring karanasan ang kumpanya ni Uy sa mga operasyon ng pagmimina ng *natural gas*.

---

*"Imperyalistang...," mula sa pahina 4*

to ang Iran, dating Ba'athist Iraq at North Korea. Tinukoy naman ni John Bolton, na noo'y nagsisilbing Undersecretary ng US State Department, ang Cuba, Libya, at Syria bilang bahagi nito. Noong 2018, binansagan din niya ang Cuba, Venezuela at Nicaragua bilang "triangle of terror" (tatsulok ng teror). Ang mga bansa ay inakusahan niyang "sumusuporta" sa terorismo at may "potensyal o kapasidad" na magpaunlad ng mga sandata para sa malawakang paglipol.

Unang isinama ng US sa FTO List nito ang PKP at BHB noong Agosto 9, 2002, kasama ang bandidong grupong Abu Sayaff. Inilista rin nito ang tagapangulong tagapagtatag ng PKP na si Jose Maria Sison bilang "taong sumusuporta sa terorismo."

Alinsunod sa dikta ng US, isinabatas ng Pilipinas sa ilalim ng rehimeng Arroyo ang Human Security Act noong 2007 na kalauna'y pinabagsik ng rehimeng Duterte bilang ATL. Inilista rin ang mga ito bilang “terorista” ng European Union (2001) at New Zealand (2010). Taliwas sa paulit-ulit na ibinabalita ng rehimen, wala ang PKP at BHB sa mga listahan ng terorista ng Canada, United Kingdom at United Nations. Tinanggal din ng European Union sa listahan nito si Sison noong 2009.

**DUTERTE WAKASAN NA.** Inilunsad sa pamamagitan ng *online press conference* noong Hunyo 3 ang kilusang "Duterte Wakasan Na," isang pormasyong magbubuklod sa lahat ng pwersang naghahangad na wakasan ang paghahari ng rehimeng Duterte at ang serye ng mga bigo at mapaminsalang mga patakaran nito. Tinuligsa ng mga koordineytor nito ang planong pagtatambal ng mag-amang Rodrigo at Sara Duterte sa eleksyong pampresidente sa 2022.

Ang alyansang ito ay bunga ng petisyong "Save the Nation! Duterte Resign!" na pinangunahan ng mga manggagawa sa kalusugan.

**PROTESTA LABAN SA BACIWA-PRIMEWATER.** Nagprotesta noong Mayo 3 ang mga manggagawa ng Bacolod City Water District (BACIWA) sa harap ng bahay ng direktor nito na si Mona Dia Hardin sa Bacolod City para tutulan ang iligal na pagtanggal sa 60 manggagawa at pagbenta niya ng BACIWA sa Primewater ng pamilyang Villar.

**PROTESTA DE MAYO**. Nagpiket sa harap ng Department of Education noong Mayo 28 ang mga guro, suot ang tradisyunal na damit na pang-Flores de Mayo, para igiit na ibigay na ang alawans na pang-*internet*, nararapat na dagdag na sweldo at iba pang benepisyo.

**PAGKILOS PARA SA AYUDA**. Sunud-sunod na mga protesta ang inilunsad ng mga demokratikong organisasyon sa huling mga araw ng Mayo upang igiit ang ₱10,000 ayuda para sa lahat, ₱100 subsidyo sa sahod at ₱15,000 subsidyo para sa produksyon. Ito ay bago inaprubahan ng Kongreso ang Bayanihan 3, na naglaan ng kakarampot na ₱2,000 ayuda para sa lahat at ₱30 bilyon hanggang ₱45 bilyong kabuuang pondo para sa mga manggagawa, magsasaka at umuwing mga migranteng Pilipino. Isiningit dito ang ₱54.6 bilyong pondo para sa pensyon ng retiradong mga upisyal ng militar. Habang bumoto para rito ang blokeng Makabayan, nanawagan ito ng ibayong paglaban para sa makabuluhang ayuda.

# 2 konsultant ng NDFP, pinaslang

Dalawang konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at lima pang sibilyan ang pinaslang ng armadong mga pwersa ng estado nitong nakaraang dalawang linggo. Sa panahong ito, lima pa ang inaresto at tatlo ang dinukot, kabilang ang isang bata.

**Pamamaslang.** Magkasabay na pinatay ng mga ahente ng reaksyunaryong estado sina Fr. Rustico Tan at Reynaldo Bocala, mga konsultant sa usapang pangkapayapaan ng NDF para sa Visayas noong Mayo 28 sa kani-kanilang mga tahanan sa Cebu at Iloilo.

Binaril ng mga pulis si Bocala, 75, ng NDF-Panay at kasama niyang si Willy Arguelles Epago sa Barangay Balabag, Pavia, Iloilo. Pinalabas ng pulis na "nanlaban" sila.

Sa parehong araw, binaril din si Tan, 80, habang natutulog sa harap ng kanyang bahay sa Pilar, Camotes Island. Nagsilbi siyang negosyador ng NDF-Cebu sa usapang pangkapayapaan noong 1987.

Samantala, tatlong aktibista ang minasaker at isa ang dinukot sa reyd ng 202nd IBde at Special Action Forces ng pulis sa Barangay Macabiling, Sta. Rosa, Laguna noong Mayo 21. Pinatay sina Christoper Boton, Cristina Estocado at Rommel Riza habang itinago ng mga salarin si Kemuel Ian Cometa, gradweyt ng University of the Philippines-Los Baños at koordineytor ng Kabataan Partylist sa Laguna. Hindi pa inililitaw ng militar si Cometa hanggang ngayon.

Sa Negros Occidental, pinatay ng mga sundalo ng 94th IB si Padoz Lozano sa Barangay Mahalang, Himamaylan City noong Mayo 13. Sinalakay din ng mga sundalo ang tatlong bahay ng pamilyang Hilado sa Sityo Alulong, Barangay Buenavista.

Noong Marso 31, binaril at napatay ng mga tauhan ng estado ang mga mag-aabaka na kinilalang sina "Greg" at "Uno" sa San Miguel, Catanduanes. Magkapatid ang mga biktima at kapwa residente ng Barangay Progreso ng naturang bayan.

**Pag-aresto**. Dinakip ng 94th IB sina Robnie Ariola, Junjun Casilo at Jonalyn Agaton, mga residente ng Sityo Bugo, Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental matapos palabasin na nagkaroon ng engkwentro sa pagitan ng Bagong Hukbong Bayan at militar sa lugar noong Mayo 26. Sinunog din ng mga sundalo ang bahay ng residenteng si Gerard Ariola.

Sa Bicol, iligal na inaresto ng pulisya si Elwin Mangampo, tagapangulo ng Lambat-Bicol, organisasyon ng mga mangingisda, noong Mayo 30 sa kanyang bahay sa Purok 2, Barangay 1, Pio Duran, Albay. Hinalughog at tinamnan ng granada at baril ang kanyang bahay. Matagal nang ni-*red-tag* ng militar si Mangampo.

Inaresto rin si Rolando Obal, magsasaka sa Barangay Macalamlam, Rosario, Batangas, noong Mayo 26. Sinampahan siya ng gawa-gawang kasong pagpatay at *illegal possession of explosives*. Pinalalabas ng militar at pulis na sangkot siya sa engkwentro sa pagitan ng militar at BHB noong araw na iyon. Inaresto rin ng mga sundalo ang magsasakang si Gilbert Orr. Hindi pa rin siya inililitaw.

**Pagdukot**. Sa Occidental Mindoro, dinukot ng 10 sundalo ng 203rd IBde si MJ, apat na taong gulang na anak ng bilanggong pulitikal na si Emilia Marquez, noong Mayo 12 sa Sityo Ambuyan, Pitogo, Rizal.

Gawi na ng mga sundalo ang mandukot ng mga anak ng mga detenido para ipresyur sila na makipagtulungan sa militar.

**Panggigipit**. Sapilitang ipinagiba ng mga sundalo ng 72nd IB sa mga residente ang paaralang Lumad sa Sagundanon, Kitaotao, Bukidnon noong Hunyo 6. Pinagbantaan ang mga residente na kakasuhan kung hindi sila susunod. AB

## Wala pa ring hustisya ang mga taga-Marawi

KASINUNGALINGAN ANG sinasabi ng Task Force Bangon Marawi (TFBM) na 65% na ng rekonstruksyon ng Marawi City ang "tapos na." Ito ang pahayag ni Drieza Lininding ng Moro Consensus Group sa ikaapat na anibersaryo ng pagpulbos ng rehimeng Duterte sa syudad noong Mayo 23. Sa araw na iyon, isang karaban ng mga residente ang nagtungo sa Maqbara Public Cemetery sa Barangay Papandayan sa syudad para gunitain ang unang araw ng pambobomba. Dito inilibing ang mga labi ng 470 biktima ng halos 5-buwang pambobomba ng AFP na nagresulta sa dislokasyon ng 325,294 indibidwal noong 2017.

Pagkatapos ng apat na taon, hindi pa rin makabalik ang karamihan sa 27,000 pamilya ng 11,000 kabahayang winasak ng pambobomba ng AFP sa syudad. Hindi pa natatapos ang mga kalsada. Wala pang mga kawad ng kuryente at sistema ng patubig. Gustuhin mang bumalik ng mga residente, wala silang pondo para kumpunihin o muling ipatayo ang durog nilang mga bahay. Sa ngayon mayroon lamang 113 pamilyang nakauwi sa Tolali mula sa 17,768 pamilya, at 100 pamilya lamang ang nasa relokasyon ng Pagalatan, Saguiran. Samantala, 2,943 pang pamilya ang nasa Boganga Transitory Sites, at mas marami pa ang nakakalat sa Baloi at Rogongon, Iligan City, Poona Bayabao at Piagapo sa Lanao del Sur, at iba pang mga lugar.

Habang nagdurusa ang mga bakwit sa mga sentro ng ebakwasyon at walang mapagkakitaang kabuhayan, walang interes si Duterte na itulak sa Kongreso ang panukalang batas na maglalaan ng ₱30-₱50 bilyong pondong kumpensasyon para sa mga bakwit.

# SA MADALING SALITA

#PulisAngTerorista

nag-*trending* noong Hunyo 1 matapos ang balitang pinatay ni PMSgt Hensie Zinampan ang 52-anyos na lolang si Lilybeth Valdez sa Barangay Greater Fairvew sa Quezon City. Itinanggi pa ni Zinampan na binaril niya ang biktima pero nakuhaan ito ng bidyo.

## ₱56.4 bilyon

ang isiningit na pondo para sa pensyon ng mga sundalo sa panukalang **Bayanihan 3** na dapat nakatuon sa pagbibigay ng ayuda sa mga apektado ng pandemyang Covid-19.

Ito ang **pangalawang pinakamalaking aytem** sa panukala, pagkatapos ng **₱216 bilyon** na ayuda para sa lahat.



## Roman Protasevich

mamamahayag at kritiko ni Pres. Alexander Lukashenko ng Belarus na inaresto noong Mayo 23.

Iniutos ni Lukuashenko ang pag-*hijack* sa pampasaherong eroplano na sinasakyan ni Potrasevich na patungo noon sa Lithuania mula Greece.

## 90%

ng asin ng Pilipinas ay inaangkat, pangunahin sa Australia.

Ito ay sa kabila ng pangalawa ang Pilipinas sa may pinakamahabang baybayin sa buong mundo at sa gayon ay di nagkukulang sa pinagkukunan ng rekurso.




Panawagan ng puu-puong libong residente na nag-protesta sa Brazil noong Mayo 29 laban sa palpak na pagtugon ni Pres. Jair Bolsonaro sa pandemya.

**Iginiit nila na dapat nang patalsikin sa poder si Bolsonaro.**

## ₱5 bilyon


ang winawaldas ng militar taun-taon sa kampanya nito para "gapiin" ang Bagong Hukbong Bayan sa Eastern Visayas.

**Pinagkunan:** 8th ID

Sa botohang


## 44-0

ibinasura ng House Justice Committee ang reklamong *impeachment* laban kay **Supreme Court Associate Justice Marvic Leonen** noong Mayo 27.



# Bumabakas ang China kay Duterte

Sa nagdaang mga buwan, palala nang palala ang pangangayupapa ni Rodrigo Duterte sa China. Mula sa patalo niyang pagtugon sa sigalot sa West Philippine Sea, hanggang sa paglalabas ng mga patakaran gaya ng Executive Order No. 160 na pumapabor sa dayuhang pagmimina ng mga Chinese, walang kaabog-abog niyang ipinagkakanulo ang soberanya ng bansa.



Kapalit ng ano? Sinasabing kabayaran ito sa pangakong pagpopondo ng China sa ambisyosong mga proyekto sa ilalim ng kanyang programang Build, Build, Build. Sa pagbisita ni Duterte sa China noong 2016, ipinagmayabang niyang pinangakuan siya ng bansa ng $24 bilyon o ₱1.2 trilyong pondo para rito.

Isang taon na lamang at matatapos na dapat ang termino ng reaksyunaryong pangulo. Ano na nga ba ang nangyari sa trilyong pangako ng China?

**Pangakong napako**

Sa pangakong pondo ng China, ₱720 bilyon dito ay para sa 26 na malalaking proyektong imprastraktura, kabilang ang mga riles, tulay at dam.

Ang nasabing mga proyekto ay pinalalabas ng China na bahagi ng Belt and Road Initiative (BRI), isang engrandeng programa ng mga riles, kalsada at daungan para idugtong ang China sa Central at South Asia hanggang sa Europe at Africa.


Hindi kasama ang Pilipinas sa mga ruta ng Silk Road Economic Belt o sa Maritime Silk Road sa orihinal na plano ng BRI. Ginamit lamang itong pampain sa hayok sa kurakot na rehimeng Duterte kapalit ang walang pasubali nitong pagsunod sa dikta ng China.

Malaki na ang pakinabang ng China matapos ang halos limang taon, kahit 5% pa lamang sa pangakong pautang ang ibinigay nito.

Liban sa ₱14.4-bilyong pondong inilabas ng Asian Infrastructure Investment Bank para umano sa pagtugon sa Covid-19, dalawang "Infrastructure Flagship Project" pa lamang ang may pirmadong kasunduan sa ngayon. Ang mga ito ang ₱4.37-bilyong Chico River Pump Irrigation Project at ang ₱12.2-bilyong New Centennial Water Source-Kaliwa Dam, na parehong sisira sa mga komunidad at aagaw sa lupang ninuno ng mga katutubo.

Ayon sa Chinese Embassy sa Pilipinas, 11 proyekto pa lamang na pinondohan ng China ang tapos na, at 12 proyektong nakatakdang simulan. Kalakhan sa mga ito ay mga tulay at kalsada, kabilang ang Binondo-Intramuros Bridge at Estrella-Pantaleon Bridge na parehong nasa Metro Manila. Samantala, iilan pa lamang sa pangakong mga proyekto ang natupad. May ilan nang nakansela tulad ng 32-kilometrong Panay-Guimaras-Negros Bridge, na ayon kay Sen. Drilon ay ipauubaya na sa susunod na administrasyon. Mayroon na ring mga proyektong iniatras ng lokal na gubyerno, tulad ng Sangley Point International Airport Project.

Sa kabuuan, nakapagpautang pa lamang ang China sa Pilipinas ng ₱28.8 bilyon, malayo sa pautang ng Japan na ₱537.6 bilyon, Asian Development Bank (₱408 bilyon), at World Bank (₱254.4 bilyon).




**Pagbakas kay Duterte**

Kahit mistulang lista sa tubig ang pangakong pondo ng China kay Duterte, malaki na ang nakuha nitong kapalit. Pinakamalaki siyempre ang pinalawak nitong kapangyarihan sa West Philippine Sea. Kaya noong 2018, idineklara ng China na hindi sila papayag na palitan si Duterte.

Ang totoo, napakalaki ng naibulsa ni Duterte sa anyo ng suhol at pagkontrol ng ismagling ng droga mula China na naibalitang sikretong nakalagak sa bangko sa China. Kaya naman, asahan nang magtutuluy-tuloy ang pagbibigay ni Duterte sa China kapalit ng suportang pinansyal.

Hindi lahat ng nasa poder ni Duterte ay pikit-bulag na naniniwala sa mga pangakong napako ng China. Katunayan, sa gitna ng kanyang termino, bumalikwas na ang mga upisyal ng reaksyunaryong militar sa "China pivot" ni Duterte, at mas hayagang itinulak ang mas maraming aktibidad pandigma kasapakat ang militar ng US. May aktibo at retiradong mga upisyal ng militar na nagbabanta na tatalikuran ang rehimeng Duterte kung patuloy nitong bibitiwan ang mga karagatan at teritoryo ng Pilipinas sa West Philippine Sea.

Alam ng China na kung magiging mabuway ang panatikong suporta ng rehimeng Duterte, maaaring mabaliktad ding muli ang lumalakas na pusisyon nito hindi lamang sa Pilipinas kundi sa Asia. Asahan nang, katulad ng US, magpapakita ng malaking interes (at makikialam) ang China sa eleksyong 2022. AB

# Mega dam sa Apayao-Abulog River, tinututulan ng minoryang Isnag

Puspusang nilalabanan ngayon ng mamamayang Isnag sa Cordillera ang pagtatayo ng Gened Hyrdoelectric Power Plant, isang proyektong magtatayo ng dalawang dambuhalang dam na maglulubog ng kanilang mga komunidad. Anila, hindi sila pumapayag na itayo ang proyekto sa kanilang lupang ninuno, taliwas sa pinalalabas ng kumpanyang may hawak dito na mayroong pinirmahang kasunduan sa pagitan nito at mga residente.



Sasaklawin ng *reservoir* o pagpopondohan ng tubig ang 2,883 ektaryang lupang ninuno ng mga Isnag.

**Gened 1 at Gened 2**

Nakatakdang itayo ang dalawang dam–ang Gened 1 at Gened 2–sa Apayao-Abulog River na bumabaybay sa mga prubinsya ng Apayao at Cagayan. Ang Pan Pacific Renewable Power Philippines Corporation (PPRPPC), ang kumpanyang ginawaran ng proyekto, ay isa mga benepisyaryo ng $3 bilyong pautang mula sa China na inareglo noong bumisita si Rodrigo Duterte sa bansa.

Ilang dekada nang nakatengga ang proyekto dahil sa pagtutol ng mga residente. Noong 2017, sa ilalim na lamang ng rehimeng Duterte, iginawad ang *environmental compliance certificate* para sa proyekto.

Noong Abril, nagsimula na ang konstruksyon ng ₱33-bilyong Gened 1. Itatayo sa mas mataas na bahagi ng ilog ang pangawalang dam, ang P52-bilyong Gened Dam 2. Sinasabing makapagpoprodyus ang mga dam na ito ng 510 *megawatts* (MW).

Nakatakdang ibenta ang malilikhang kuryente ng mga dam sa National Grid Corporation of the Philippines (NGCP) na 40% pag-aari ng State Grid Corporation ng China. Sa kompyutasyon ng *Dangadang*, rebolusyonaryong pahayagan sa Cordillera, ang abereyds na kikitain ng PPRPPC kada oras ay ₱2,883.59. Sa loob ng isang taon, makapagbebenta ito ng 5.4 *gigawatt/hour* sa kabuuang halaga na ₱15.6 milyon.

Sa halagang ito, 1% o ₱155,572 lamang ang mapupunta sa estado. Kalahati nito ay mapupunta sa Department of Energy. Ang natitirang ₱77,857 ay hahatiin sa mga lugar na pinagtayuan ng dam—10% ay sa rehiyon, 30% sa prubinsya, 35% sa munisipyo at katiting na 25% sa barangay. Nasa ₱19,464 na lamang ang aabot sa mga taga-barangay kada taon.

**Panlilinlang sa minoryang Isnag**

Sa maagang bahagi ng 2021, dalawang beses na nagpasa ng mga resolusyon ang Isnag Indigenous Cultural Communities na kumakatawan sa 22 barangay na naglilinaw ng kanilang pagtutol sa proyekto.

Para ikutan ito, nagpatawag ng mga pulong ang PPRPPC noong Marso at Abril kung saan nilinlang nito ang mga residente at tusong pinapirma ng Free, Prior, and Informed Consent, isang dokumento na nagpapakita ng pagsang-ayon sa proyekto. Pinabulaanan din ng mga lider-katutubo na kanila ang mga pirma sa *memorandum of agreement* o MOA nang isapubliko ito ng kumpanya. Ilan sa mga "pumirma" ay hindi dumalo sa mga ipinatawag na pulong. Mayroon ding binawi ang kanilang mga pirma matapos maliwanagan sa tindi ng epekto ng proyekto sa kanilang kultura at komunidad.

Noong Mayo 30, pormal na hiniling ng asosasyon ng mga nakatatanda ng Isnag, kasama ang Kabuyao Youth, sa National Commission on Indigenous Peoples-Cordillera, na ipawalambisa ang naturang MOA.

Ilulubog ng proyekto ang 20 barangay na may mahigit 12,932 residente. Ililihis patungong *reservoir* ng dam ang lahat ng pinagkukunang tubig ng mga komunidad, palayan, taniman at hayupan. Kasabay ng pagtatayo ng dam, idedeklara bilang "watershed area" ang paligid nito. Ibig sabihin, ipagbabawal ang pagsasaka, pagbubukas ng bagong mga taniman, pangangahoy at iba pang kabuhayan ng mga Isnag na nakaasa sa kanilang lupang ninuno. Sa panahon ng malakas na pag-ulan, tiyak na aapaw ang tubig sa dam at babahain ang karatig pang mga barangay. Bulnerable din itong gumuho dulot ng lindol dahil malapit ito sa Bangui Fault Line.

"Kamatayan ang patutunguhan nito (proyektong dam). Marami ang malulunod, ipagbabawal ang pagtatanim. Mahalagang tutulan at masigasig na labanan natin ito. Lumahok tayong lahat sa laban. Mag-armas tayo!" Ito ang paninindigan ng isang nakatatanda ng minoryang Isnag na nakatira sa Kabugao, Apayao. Mula pa 2004 nilalabanan ng kanilang tribu ang proyekto. AB

Konsentrasyon ng kapital

# Paghihimay sa "Forbes 2000"

Ang *Forbes Magazine* ang isa sa nangungunang magasin sa mundo ng monopolyong kapitalismo. Naglabas ito kamakailan ng pinakahuli nitong talaan ng 2,000 pinakamalalaking korporasyon. Makatutulong na pag-aralan ang listahan upang magkaroon ng pagtanaw sa kasalukuyang larawan ng pandaigdigang sistemang kapitalista: kung sino ang pinakamalalaking kapitalista at ang antas ng konsentrasyon ng kapital sa kamay ng iilang monopolista.


Ang mga obserbasyong ito ay nagpapatibay sa mga saligang katangian ng imperyalismo katulad ng tinukoy ni V.I. Lenin sa kanyang pag-aaral sa monopolyong kapitalismo.

1. Hawak ng 2,000 pinakamalaking korporasyong ito ang kabuuang ari-ariang nagkakahalagang US$223.4 trilyon. Ito ay mahigit dalawang ulit na mas malaki kaysa US$84.5 trilyong pandaigdigang produksyon (GDP) noong 2020. Katumbas ito ng 62.33% ng US$358.4 trilyong kabuuang yaman ng mga bansa sa buong mundo.

Sa kabuuan, ang pinakamalalaking 2,000 korporasyon ay matatagpuan lamang sa 61 bansa (o 31% ng lahat ng bansa). Nakakonsentra ang mahigit kalahati ng kanilang kabuuang kapital o ari-arian sa tatlong bansa lamang: US, China at Japan.

2. Ang bilang ng pinakamalalaking korporasyon sa US ay dalawang ulit na mas malaki kaysa dami ng mga nasa China. Subalit ang halaga ng ari-arian (o *assets*) ng mga korporasyong Chinese at Hongkong (US$50.2 trilyon) ay halos katumbas nang sa mga kumpanya sa US (US$51.76 trilyon) na nagsasaad ng mas mataas na konsentrasyon ng kapital sa China.

Bilang ng pinakamalalaking kumpanya sa mga bansa




3. Ang tatlong pinakamalaking sektor o industriya sa usapin ng ari-arian ay pawang may kinalaman sa mga operasyong pampinansya. Kinabibilangan ang mga ito ng 289 bangko, 132 korporasyon sa "diversified financials" (nagbebenta ng mga produkto sa pautang tulad sa pabahay, mga *credit card* at iba pa.) at 114 sa insyurans. Ang mga korporasyong pampinansya na ito ay may kabuuang ari-ariang US$156.4 trilyon o 70% ng kabuuang ari-arian ng pinakamalaking korporasyon. Ang ari-arian ng mga bangko pa lamang ay US$107.5 trilyon o 48.12% ng kabuuan.


Sa lahat ng pinakamalaking bangko, 44 ay sa China, 40 sa Japan at 36 sa United States, na bumubuo ng 41.52% ng kabuuan. Ang apat na bangko na may pinakamalaking ari-arian ay mula sa China: ang Industrial & Commercial Bank of China (ICBC), China Construction Bank, Agricultural Bank of China and Bank of China.

Mula naman sa US (54) at China (19) ang 55.3% ng lahat ng kumpanya sa sektor ng *diversified financials*. Bagaman 28.07% ng lahat ng kumpanya sa seguro ay mula sa US, ang pinakamalalaki ay mula sa Japan na hawak ang 17.44% ng kabuuang ari-arian sa sektor.

4. Ang iba pang sektor na bumubuo ng sampung pinakamalaki sa usapin ng ari-arian ay ang Business Services and Supplies, Construction, Oil & Gas Operation, Consumer Durables, Utilities, Telecommunication Services at Drugs & Biotechnology.

Hawak ng 67 korporasyon sa China ang hanggang 74.9% ng kabuuang ari-arian ng mga korporasyon sa sektor ng konstruksyon. Malayong kasunod ang mga kumpanya sa konstruksyon sa Japan na may 19 na kumpanya na hawak ang 6.74% ng ari-arian at US na may 17 kumpanya na hawak ang 3.36% ng mga ari-arian.

Konsentrasyon ng kapital sa mga kumpanyang pampinanasya




May kabuuang ari-arian na US$6.799 trilyon ang mga kumpanya sa produksyon at distribusyon ng langis. Hawak ng 20 pinakamalaking kumpanya ang 65.89% ng kabuuang ari-arian sa sektor. Sa pinakamalaking kumpanya sa langis, 21 ay mula sa US, pito sa Russia, anim sa Canada, anim sa Japan, lima sa India, at tig-apat apat sa China at South Korea.

Ang iniranggo ng *Forbes Magazine* na pinakamalaking kumpanya sa langis ay ang Saudi Aramco, PetroChina, Royal Dutch Shell, ExxonMobil, Gazprom, BP, Total, Sinopec, Chevron and Rosneft. Noong 2020, ang dalawang kumpanyang Chinese ang pinakamalaki sa usapin ng benta na hawak ang 16.3% ng kabuuan.

(*Mababasa ang kabuuang artikulo sa* www.cpp.ph.) AB